# Pagsusuri sa Karakterisasyon ng mga Piling Filipino Boys' Love Series

Lorenzo Miguel Sotto Buenaflor[1*], Via Bianca Gorospe Altarejos,[2]
Mary Angelica Palattao Castillo[3], and Joselle Roselada Gonzaga[4]
[1] *Gradwadong Mag-aaral, MA Araling Filipino (Wika, Kultura, at Midya), DLSU Departamento ng Filipino*
[234] *Mag-aaral, Humanities and Social Sciences Strand, Immaculate Heart of Mary College - Parañaque*
**Corresponding Author: lorenzo_buenaflor@dlsu.edu.ph*

**Abstrak:** Gamit ang *Establishment ng Character ni Ricky Lee (2001)*, sinuri sa pananaliksik na ito ang karakterisasyon ng mga piling Filipino Boy's Love Series na nailabas sa panahon ng pandemiya. Sampung elemento ang sinuri sa mga serye: (a) physical appearance; (b) environment; (c) aksyon ng character; (d) gestures at mannerisms ng character; (e) reaksiyon ng ibang tao; (f) dialogue; (g) props; (h) attitude; (i) pangalan; (j) authorial interpolations o commentary ng filmakers. Sa tulong ng kalitatibong disenyo ng pananaliksik, lumabas sa pag-aaral na ito ang ilang mga obserbasyon katulad ng proliperasyon ng tradisyonal na gampanin ng magkarelasyon batay sa kasarian (feminine-masculine characterization) at ang *gay gaze* na nagsasaideal ng katanggap-tanggap na karakter sa mga BL Series. Tatlong BL series ang sinuri sa pag-aaral na ito: *Gameboys, Hello, Stranger,* at *Sakristan.*

**Mga Susing Salita:** BL series; karakterisasyon; Ricky Lee; LGBTQIA+; media.

## 1. PANIMULA

Umusbong ang boys' love o BL, bilang isang homoerotikong manga at nobela para sa mga mambabasang kababaihan ng bansang Japan. Hindi naglaon, nadevelop pa ito bilang anime, television dramas, video games, at iba pang porma ng media. Hindi rin nagtagal, kumalat ang impluwensiya nito sa Asya at napapanood na hindi lamang ng mga kababaihan, kundi kahit sinong nais tumangkilik nito, kabilang ang mga mananaliksik na sumusuri sa ganitong uri ng mga kuwento.

Sa Timog-Silangang Asya, namayagpag nitong pandemiya ang BL series na 2gether Series na pinagbidahan nina Metawin Opas-iamkajorn (Tine) at Vachirawit Chivaaree (Sarawat).

Mula sa impluwensiya ng 2gether Series, na pumatok sa takilya sa Pilipinas dahil sa pagkakaroon ng fan base ng mga pangunaging karakter at maging ng record label sa isang kompaniyang pantelebisyon, umusbong din ang mga bersiyong Filipino

ng BL series sa unang bahagi ng pandemiya sa bansa. Maraming paraan sa pagsusuri ng penomenang ito ngunit papaano nga ba nililikha ang mga pangunahing karakter na nagrerepresenta hindi lamang sa internal na kuwento ng mga BL series kundi sa kamalayan tungkol sa kasarian?

Pagninilayan ng kolaboratibong pananaliksik na ito ang mahalagang katanungang ito.

## 2. PAMAMARAAN

Gamit ang kalitatibong disenyo ng pananaliksik, tinangka ng mga mananaliksik na suriin ang karakterisasyon ng mga piling Filipino Boy's Love (BL) Series na pumatok sa social media sa panahon ng pandemya. Bilang paglilinaw, ang konsepto ng karakterisasyon sa pag-aaral na ito ay tumutukoy sa pagbuo ng mga karakter sa mga sinuring BL. Upang matugunan ang layuning ito, ginamit ng mga mananaliksik ang *Establishment ng Character* sa scriptwriting manual ng batikang kuwentista, nobelista, at scriptwriter na si Ricardo Lee (mas kilala bilang Ricky Lee sa kaniyang mga publikasyong pampanitikan) na *Trip to Quiapo (2001).* Ayon kay Lee, sampu ang elemento ng pag-eestablish ng karakter sa pagbuo ng pelikula: (a) physical appearance; (b) environment; (c) aksyon ng character; (d) gestures at mannerisms ng character; (e) reaksiyon ng ibang tao; (f) dialogue; (g) props; (h) attitude; (i) pangalan; (j) authorial interpolations o commentary ng filmakers.

Praktikal na pinili ng mga mananaliksik ang mga susuriing BL series. Ibig sabihin, kung ano na ang napanood ng mga mananaliksik, iyon na rin ang susuriin dahil sa dalawang dahilan: una, panimulang pag-aaral pa lamang ito sa pagsusuri ng BL series at sa hinaharap, bibisitahin pa ang ilang hindi nasakop sa kasalukuyang pag-aaral upang mas maging komprehensibo pa ang pagsusuring ginawa; at ikalawa, ang pananaliksik na ito ay isang introduksiyon sa pagsasanay sa pagsulat sa makaFilipinong pananaliksik. Hinayaan muna ang mga mag-aaral, na nagsilbing collaborator ng tagapayo ng pag-aaral, na pumili ng napupusuan nilang BL series bilang mga teksto ng pananaliksik basta (a) sakop ng first semester ng panuruang taong 2020-2021 ang mga BL series at (b) nasa panahon ito ng pandemiya. Ang tatlong BL Series na sinuri sa pag-aaral na ito ay ang mga sumusunod: *Gameboys, Hello, Stranger,* at *Sakristan.*

Isa itong kolaboratibong pananaliksik. Produkto ito ng kursong *Res3: Inquiries, Investigations, and Immersion* na naglalayong makapagsulat ang mga mag-aaral ng senior high school student ng isang makabuluhang pananaliksik sang-ayon sa itinaguyod na research agenda para sa mga mag-aaral ng Humanities and Social Sciences, ang *Araling Filipino*, sa isang paaralang pribado sa Lungsod Parañaque. Ang tagapayo at ang mag-aaral sa pananaliksik ay nagkasundong maging collaborator upang mapataas ang pagsasanay sa pagsusulat ng makaFilipinong pananaliksik ng mag-aaral

at maisulong ang paggamit sa pananaliksik bilang metodolohiya ng pagtuturo sa bahagi naman ng guro.

## 3. KARAKTERISASYON SA MGA BL SERIES

*3.1* ***Gameboys*** (direksyon: Ivan Andrew Payawal; writer: Ash Malanum; Mayo - Setyembre, 2020)

Ang Gameboys ay tumatalakay sa Gen Z love story nina Cairo, isang *popular live-stream gamer* at ng kaniyang *fan* na si Gavreel. Nagkatagpo ito online sa gitna ng pandemya. Naging highlight ng kuwento ang paglalarawan sa pag-no-normalize ng paghingi ng pahintulot. Sinundan ito ng hidwaang hindi pagkakaunawaan dala ng selos nila nang sumulpot sa kuwento sina Terrence, dating karelasyon ni Gavreel at Wesley, kababata ni Cairo. Natapos ang serye sa pagtatagpo ng dalawa para ibsan ang parehong bigat sa dibdib bunga ng katotohanang malalayo sila sa isa't isa. Gayundin, pinahintulutan ng ina ni Cairo na pansamantala itong manatili sa lungsod kasama si Gavreel.

Makikita sa seryeng ito ang sampung elemento ng karakterisasyon. Una, sa **physical appearance** ay mapapansing matipuno ang mga ito kagaya ng mga lalaking tinitingnan bilang ideal man ng ibang tao. Samantala, tumutugma naman ito sa pagsusuri ni Mykel Andrada(2020) tungkol sa konsepto ng "Gay gaze" na sinasabing maituturing itong hypotization dahil sa *gender-bending* nitong ginagampanan—bakla ang karakter pero maskulado; ang **environment** sa seryeng ito ay virtual space. Ang pagkaka-eksena ng serye ay sumusunod sa kung saang panahon ito nakuhanan. Bagaman, 'di personal ang mga eksena, ipinapakita pa rin ang posibilidad na ang environment na 'to ay ikinokonekta tayo kahit sa screen lang; ang **aksyon ng karakter** ay may dalawang klase: ang aktibidad ng karakter at ang aksyon at reaksyon nito kapag nahaharap sa krisis (Ricky Lee, 2001). Ang aksyon ni Cairo bilang karakter ay paglalaro. Si Gavreel naman ay pagwo-work-out bilang bahagi ng kaniyang *healthy living.* Tuwing nahaharap sa krisis ay madalas na magtatalo dahil parehong mataas ang kanilang *pride*. Kapag 'di kontrolado ang emosyon, pinipiling talikuran na muna ang problema; ang **gestures at mannerisms** ni Cairo ay pag-a-atras ilong tuwing nakikipagtuksuhan sa karelasyon. Samantalang ang pagfle-flex naman ng katawan ang ipinapakitang kaugalian ni Gavreel na sa kabilang banda ay nagpapakita ng *dominance* o pagka-agresibo; sa elemento ng **reaksyon ng ibang tao**, bagaman may mga suporta sa magkarelasyon kabilang si Pearl at pamilya ni Cairo, may mga tutol din katulad nina Terrence at Risa; ang **dialogue** na parating binabanggit sa serye ay ang kanilang *endearment*. Ang pakikiusap ni Gavreel na tawagin siyang "Baby" ni Cairo ay sumasalamin sa pahayag ni Sigmund Freud sa psychoanalysis. Ang konsepto ng "Baby" sa *motherhood* ay nagpapakita ng tiwala at aruga kung saan sinusundan ito ng aksyon tuwing binibigkas. Katulad ng isang nanay na nagpapasuso ng anak, si Gavreel ay sabik sa paghingi ng atensyon mula kay Cairo. Marahil ay lumaki itong nangungulila sa magulang; ang **props** na

ginamit sa gameboys ay may *emotional appeal* tulad ng bandanag parating suot ni Cairo sa kaniyang livestream. Sumisimbolo ang pagsusuot nito sa kaniyang ulo bilang pagsasaisip ng kalagayan ng ama na nakaratay sa hospital; ang elementong **attitude** ay marapat na konektado sa pilosopiya ng karakter. Mapapansin ang ligalig, tiwala sa sarili, at pagka-agresibo ni Gavreel. Samantala, mapapansin ang pagka-misteryoso, walang imik, at mas may potensyal na magpakontrol na si Cairo; ang **pangalan** ng mga karakater ay may kahulugan at kahalagahan. Ang pangalang Cairo ay nangangahulugang "One who is victorious." Ani Gavreel, "Siyang tunay!" dahil tagumpay ang binata sa puso niya. Ang kahulugan naman ng pangalang Gavreel ay "Angel of peace." Katulad ng isang anghel ng kapayapaan, nagiging tulay rin si Gavreel para mapabuti ang sitwasyon ng isang bagay paminsan-minsan; tinatalakay sa elementong **commentary ng filmmakers** ang komentaryo, masusi man o mapanita. Sa Gameboys, sinasabing dahil trial error process daw ang paggawa nito, hindi nila inaasahan na papatok ito sa mga manonood.

*3.2* ***Hello, Stranger*** (direksyon: Peterson Vargas; writer: Patrick Valencia; Hunyo - Agosto 2020)

Ang Hello Stranger ay isang kwento ng dalawang college students na si Mico, isang nerdy student at Xavier, isang sikat na nasketball player na magsasama para sa isang school project. Sa kabila ng pagkakaiba ng dalawa, isang hindi inaasahang pagkakaibigan ang mabubuo sa pamamagitan ng kanilang virtual na mga pagkikita.

Makikita sa BL Series na Hello Stranger ang siyam na elemento ng karakterisasyon mula sa Establishment ng Karakter ni Ricky Lee. Ito ay ang mga sumusunod: Para sa **physical appearance**, ito ang anyo ng karakter. Sa BL na ito, casual kung manamit ang mga karakter, si Mico ay isang gwapong binata na madalas naka t-shirt at shorts, kapag may mga virtual meeting ay pormal itong manamit at nakasuot ng long sleeved button down at necktie. Si Xavier naman ay gwapo at makisig ang pangangatawan, madalas ay naka sando at shorts upang mas maipakita ang kanyang pangangatawan at minsan ay suot niya ang kanyang varsity jacket. Ang **environment** ay tumutukoy sa realidad na kinapapalooban ng bida. Ang *setting* ay kasagsagan ng COVID-19 pandemic, kaya ang tagpuan ng mga bida ay sa kani-kaniyang mga tahanan at sa virtual space sila nagkikita-kita. Ang **aksyon ng karakter** naman ay ang paraan kung paano ipinapahayag ng mga karakter ang kanilang mga sarili. Si Xavier ay palabiro at mahilig asarin si Mico. Sa kabila nito, makikita na may pakialam ang dalawa sa isa't isa. Si Mico naman ay malapit sa kanyang mga kaibigan na kanyang sinasandalan sa tuwing siya ay may problema. Sa **gestures at mannerisms**, makikita ang elemento na ito sa tuwing nangangako si Mico at Xavier sa isa'isa sa pamamagitan ng *pinky swear* at pagsabi ng 'promise'. Sa kabuoan ng series, makikita ang elementong **reaksyon ng ibang tao**. Ang

mga kaibigan ni Mico ay nagpapahayag ng kanilang suporta para sa kanilang kaibigan, paminsan minsan ay nagbibigay sila ng kanilang mga payo at saloobin. Ang kanilang guro naman na si Ms. Moran ay natutuwa tuwing nakikita niya kung paano magkulitan si Mico at Xavier sa kanilang meeting. Sa elementong **dialogue**, ito ay mga salitang paulit-ulit na binabanggit ng mga karakter. Madalas na sinasabi ni Mico at Xavier ang salitang "Takits" tuwing nagtatapos ang kanilang usapan, ito ay paalala na magkikita silang muli. Makailang beses din nababanggit ni Ms. Moran ang salitang "Top", dahil tinutukoy niya si Mico na top student ng kanyang klase at si Xavier ang top varsity player. Ang **props** ang mga bagay na ginagamit na may kahulugan, gaya ng t-shirt na may disenyo ng aso at pusa na binigay ni Xavier kay Mico na isinuot nilang dalawa ng sila ay unang magkita. Makikita rin ang aso at pusa sa disenyo ng kanilang ginamit na props para sa performance ng kanilang proyekto. Ang **attitude** naman ay konektado sa pilosopiya ng karakter na makikita sa kilos ng mga karakter. Si Xavier ay ipinakilala bilang arogante at mataas ang tingin sa sarili, mahilig itong magbiro at tila hindi seryoso sa buhay. Si Mico naman ay masipag at may pangarap sa buhay. Sa pagdaloy ng kwento, paunti unting magbabago ang ugali ni Xavier, dahil ito sa mabuting impluwensya ni Mico. At sa huli, ang **pangalan** ay nagbibigay ng pangkalahatang ideya sa mga karakter. Ang pangalang Mico ay nangangahulugang 'magandang bata' na maiuugnay sa kanyang mabuting kalooban. Ang ibig sabihin naman ng pangalang Xavier ay 'bagong bahay' o 'maliwanag' na maiuugnay sa nangyari sa kanya sa kwento kung saan nabago ni Mico ang kanyang buhay.

*3.3* . ***Sakristan*** (direksyon: Darryl Yap; writer: Vincent Asis; Mayo - Hulyo, 2020)

Umiikot ang Sakristan sa kwento ng isang *athletic* na mahina sa Social Studies at sa isang matalinong sakristan Nagkaroon ng pagtingin ang dalawang ito sa isa't isa dahil sila'y nagkaroon ng koneksyon noong maging tutor ni Zach si Christian. Isang araw, nakita ni Christian na hinahalikan ni Zach ang kaniyang kababatang kaibigan at kapwa sakristan na si Wolf. Lubos na nasaktan si Christian sa pangyayaring ito kaya nangako ito sa Panginoon na siya'y babalik sa pagiging sakristan. Naghiwalay man ang dalawa ngunit tinupad pa rin ni Zach ang kaniyang pangako na lagi siyang nasa tabi ni Christian dahil mahal niya ito sa pagitan ng pagiging isang sakristan.

Makikitaan ng walong elemento ang karakterisasyon ng sakristan. Pagdating sa **physical appearance** ng mga karakter, mapapansin ang *contrasting physique* ng dalawang karakter. Dahil isang atleta si Zach, parating nagpapakita ng katawan ito. Samantalang si Christian naman ay parating nakasuot ng puti at mga simpleng damit bilang pagpapakita ng kabanalan. Makikitang sumasalamin ang pananamit ng mga karakter sakanilang pagkatao. Ayon kay Lee (2001), mayroong dalawang klase ang **aksyon ng character**. Sinuri ng

mananaliksik ang pangalawang klase nito na ang reaksyon ng karakter pag siya'y naharap sa krisis. Kapag nahaharap sa isang krisis si Christian, panandalian nitong tatakbuhan ang problema at ilalayo ang sarili sa ibang tao. Haharapin nito ang problema kapag ito'y nakapag-isip na ng mabuti at alam na ang kaniyang gagawin. Sa oras ng krisis, emosyonal man si Zach ngunit gumagawa ito ng mga paraan upang makausap si Christian. Naaapektuhan din ng krisis ang kaniyang pribadong buhay at ang responsibilidad niya bilang atleta. Sa elementong **reaskyon ng ibang tao**, nakasuporta sa relasyon ng dalawa ang mga kaibigan at guro ng mga bida. Subalit sa panahon ng krisis, pumili sila ng dako kung sino ba talaga ang nasa tama. Ngunit sa huli, nandiyan parin sila para sa dalawa. Ang **environment** sa serye hindi nagkaroon ng epekto sa pagkakatao ng mga karakter kaya't nirerekomenda ng mananaliksik na humanap ng pelikula o serye na maipapakita ang elementong ito. Ang naging **gestures at mannerisms ng character** na si Zach ay ang pag--*flex* ng kaniyang katawan, ipinapakita nito na siya'y *athletic.* Kadalasang ipinapakita ni Zach ang kaniyang katawan sa serye. Ang **dialogue** ay ang *phrase* na "Bakit kayong mga taga-simbahan…". Paulit-ulit itong sinabi ni Zachary sa serye. Maraming mga **props** ang ginamit sa serye. Isa na rito ang lollipop na laging hawak ng grupo ng magkakaibigan na Pop Squad bilang tanda ng kanilang pagkakaibigan. Ang dingding na pininturahan ng kapatid ni Zach ay isa rin sa mga props, isinisimbolo ng dingding si Zachary at ang pintura naman ay si Christian. Isinisimbulo nito na natakpan si Zachary ng sobrang pagmamahal niya kay Christian, hindi na mahanap ni Zachary ang kaniyang sarili dahil sinakop na siya ng pagmamahal niya kay Christian. Ang elementong **attitude** ay konektado sa pilosopiya ng karakter, makikita ito sa mga salita at kilos ng isang karakter. Ang karakter na si Zachary ay ipinakita sa serye bilang palabiro at pasaway samantalang si Christian naman ay authoritative at striktong tao. Dahil mapang-asar si Zachary at hindi nagseseryoso sa tuwing ito'y tinuturuan, madalas mairita si Christian at parating pinapagalitan ito. Ang **pangalan** ng mga bida ay Zachary Vigo at Christian Cordero. Ang pangalan ng kanilang tambalan ay tinaguriang ZachChristian na katunog ng salitang Sakristan, ang titulo ng serye. Ang pangalan na Zachary ay matangkad, athletic, at bronzed (https://www.urbandictionary.com/define.php?term=Zachary). Ito rin daw ay mainit ang ulo na sumasalamin din sa pagkatao ni Zachary. Ang ibig sabihin naman ng pangalang Christian ay tagasunod ni Kristo (https://www.babynames.com/name/christian#:~:text=Origin%3A%20English,be%20used%20for%20any%20gender.), sumasakto naman ito kay Christian dahil isa siyang Sakristan. Wala pang nagbibigay na mga **authorial interpolations o commentary ng filmmakers** patungkol sa seryeng Sakristan, marahil dahil ang unang episode ay inilabas limang buwan pa lamang ang nakararaan at ang huling episode ay kalalabas lamang noong Hulyo.

## 4. PAGLALAGOM

Gamit ang *Establishment ng Character* ni Ricky Lee (2001), sinuri sa pananaliksik na ito ang karakterisasyon ng mga pangunahing karakter sa tatlong Boy's Love (BL) series sa panahon ng pandemya: *Gameboys, Hello, Stranger,* at *Sakristan*.

Ilan sa mga obserbasyong lumabas sa pagsusuri ang mga sumusunod: (a) sinasalamin ng mga karakter ang mga tradisyonal na papel na ginagampanan ng mga magkakarelasyon na nakaugat sa binaryong depinisyon ng kasarian - may masculine at may feminine sa pagsasakarakter gayong parehas na lalaki ang gumaganap sa BL series; (b) nagpapakita ng ideal o katanggap-tanggap na imahen na magkarelasyon ang mga sinuring BL series - ang konsepto ng *gay gaze* na nagsasaimahen ng pagnanasa sa mga manood.

Sa huli, masasabing nakapasok na sa pang-araw-araw na pagtutok natin sa social media ang ganitong mga uri ng produksiyon sa panahon ng pandemiya. Ngunit, kung kritikal na iisipin, ano-anong mga naratibo ang nais ilunsad ng mga BL series na ito? Nakapagpapalaya ba ito ng kamalayan sa usapin ng kasarian sa bansa? O, nagbibigay lang ito ng mga imaheng magsasabi ng ating mga dapat nating makamit dahil may kakulangan sa bahagi natin bilang manonood?

Nawa'y nakatulong ang panimulang pananaliksik upang mabuksan ang landas ng mas mapagpalayang diskusyon tungo sa pagkakapantay-pantay sa kasarian.

## 5. MGA MAHAHALAGANG SANGGUNIAN

Bengan, J. (2020). Isang Haraya ng Lambing: Ang pagsikat ng Boys' Love sa Pilipinas sa Panahon ng Pandemyang COVID-19. Retrieved from: https://journals.ateneo.edu/ojs/index.php/katipunan/article/view/3395

Lee, Ricky. (2001). *Trip to Quiapo: Scriptwriting Manual.* Anvil Publishing: Quezon City.

Mitchell, A. (2020). The complex phenomenon of Boy Love dramas. Retrieved from: https://i-d.vice.com/en_uk/article/5dzyqd/the-complex-phenomenon-of-boy-love-dramas?fbclid=IwAR27jMQIVSZM1F0yuoaYfWqJ7%20nCsuFoZVo05cee3QFhEnw99IJDY9qsCpE

Olsen, C. (2017). The History of BL(Boys' Love). Retrieved from: https://yattatachi.com/history-of-boys-love

Yukari, F. (2020). The Evolution of "Boys' Love" Culture: Can BL Spark Social Change? Retrieved from: https://www.nippon.com/en/in-depth/d00607/